# KABISAAN NG PROJECT D.A.R.A. (Drop And Read Aloud) SA ANTAS NG PAGBASA SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKASAMPUNG BAITANG NG BIÑAN INTEGRATED NATIONAL HIGH SCHOOL



**MISCHELLE J. MENDOZA**
Teacher I
Biñan Integrated National High school

## ABSTRACT

Ang Project D.A.R.A. (Drop and Read Aloud) ay limang minutong pagbabasa ng mga mag-aaral nang malakas upang matukoy ang kanilang antas ng pagbasa. Sa kabuuan, ito ay isang paraan ng pagbabasa na kung saan ang mga mag-aaral ay magbabasa nang malakas at may pagpapahayag ng mga teksto. Ang layunin ng pananaliksik na ito ay masuri ang kabisaan ng antas ng pagbasa, pag-unawa, at pagpapahalaga sa mga teksto ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng T-Test upang matukoy ang kabisaan ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang mga mag-aaral ay binigyan ng pre-test at post-test upang masukat ang kanilang kasanayan sa pagbabasa, pag-unawa, at pagpapahalaga sa mga teksto. Ang mga resulta ay nagpapakita na nakakuha ng mas mataas na marka ang post-test kaysa sa pre-test nito. Ang pananaliksik na ito ay nagpapatunay na ang drop and read aloud ay isang epektibong paraan ng pagbabasa na nakakatulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbabasa, pag-unawa, at pagpapahalaga sa mga teksto ng mga mag-aaral. Ang pananaliksik na ito ay nagbibigay din ng ilang mga rekomendasyon para sa mga guro, mag-aaral, at susunod na mananaliksik tungkol sa paggamit ng drop and read aloud.

**INTRODUCTION**

Ang kasanayan sa pagbasa ay isa sa esensiyal na bahagi ng pagkatuto mula sa mababa hanggang mataas na edukasyon. Ang pagbabasa ay isa sa mga pangunahing kasanayan sa wika na kailangang malaman at paunlarin ng mga mag-aaral. At habang bumabasa, nakikipag-usap at naglalantad ng mga text message ay nagtitipon ito ng iba't ibang ideya na bubuo sa isipan ng isang mag-aaral. Ang mga mag-aaral na may malawak na pag-unawa ay kamangha-mangha hindi lamang dahil makakabasa sila, kundi dahil naintindihan din nila ang nabasa. Gayunpaman, maraming mag-aaral ay nahihirapan pa ring maunawaan at maunawaan ang binabasa at may mahinang pagkaunawa sa nais ipahiwatig ng teksto.

Ayon kay Ron Fry (2003), ang pagbasa ay ang pangunahing kasanayan na dapat matutunan, nagsisilbing ina ng lahat ng kasanayan. Ito ang pinakamahalagang kasanayan na kailangang makuha ng isang tao. Ang pagbabasa ay hindi lamang nakabatay sa pagkilala sa mga nakasulat, kundi tumutukoy din ito sa pagbibigay kahulugan nito at sa pagbuo ng larawang diwa, mga mensahe o ideyang nanggaling sa binasa. Pinatunayan din ito ni Goodman (1967) na kung saan sinasabi na ang pagbasa ay isang saykolinggwistik na panghuhula (pyscholinguistic guessing game) na sa pagbabasa ay nakabubuo muli ng isang mensahe o kaisipang hango sa tekstong binasa.

Ayon din sa K-12 Reader (2012), ang pag-unawa sa pagbabasa ay isa sa mga haligi ng pagbabasa. Bukod dito, ang pag-unawa sa pagbabasa ay itinuturing na isa sa mahahalagang pangunahing sangkap sa wikang Ingles ng mga mag-aaral, dahil nagiging batayan para sa isang mahusay na pakikitungo sa kaalaman Gilani (2012). Ang pag-unawa sa teksto ay mahalaga sapagkat madali itong nagbibigay ng kinakailangang ideya ng mga bagay na nais mong maunawaan at nais mo ring ibahagi sa mga nangangailangan. Ito ay nagiging batayan upang mas maintindihan ang ikalawang wika batay sa unang wika na mayroon ang isang tao.

Kinilala ng Department of Education (DepEd) ang pagbaba ng kalidad ng edukasyon sa pangkalahatan sa Pilipinas. Ngunit tiniyak na niya sa gobyerno na ang isang pangunahing solusyon ay ibibigay upang malunasan ang problemang ito (Syjuco, 2006). Sa panahon ngayon, maraming mag-aaral ang nahihirapang maunawaan ang mga teksto, na nagdudulot ng kawalan ng interes na matuto. Ang ilang mga halimbawa ay ang pagbabasa ng panitikan sa ibang wika o daluyan na hindi masyadong nauunawaan sapagkat hindi ito ang pamilyar na wika. Ang mga problema sa pag-unawa sa pagbabasa ay madalas na nangyayari sanhi ng kawalan ng karanasan at kaalaman ng mga mag-aaral (Aranda, M.R. et.al 2009).

Ayon kay Shoebottom (1996) ang mga dahilan mapagkukunan ng paghihirap sa pag-unawa sa teksto ay ang kaalaman sa wika, hindi kilalang mga salita, kumplikadong syntax. Tulad ng natagpuan ni Akbari (2014) sa kanyang pagsasaliksik, ang ilan sa mga problema sa pag-unawa ay nagmula sa kawalan ng gramatika. Ang mga pangunahing tanong sa pagsubok sa pagbasa ay sumasaklaw sa pangunahing ideya, paghahanap ng mga sanggunian, pag-unawa sa mahirap na salita, at paghuhusga batay sa pagbabasa. Ayon sa nagiging Resulta ng Programme for International Student Assement o PISA (2018), ang Pilipinas ang may pinakamababang antas komprehensiyon sa pagbasa sa 79 lumahok dito. Ang PISA ay isang pag- aaral na ginagawa nang Organization for Economic Co-operation and Development sa buong mundo upang tayahin ang kaalaman ng mag- aaral sa pagbasa, matematika at siyensya (San Juan Philstar.com 2019).

Ayon kay Perez (2019), ang naturang resulta ay patunay lamang na kapos sa pag-unawa sa pagbasa ang ating mga mag- aaral sa Pilipinas at nananatiling suliranin magpahanggang ngayon ng mga guro. Ang resultang ito ay nakapagbibigay alarma at masasalaminan ng mas ibayong pagpaplano

sa uri ng edukasyong ninanais makamtan. Ang mga teksto (sa pagsusulit) ay pangunahin na nagbibigay-kaalaman at ang pagsusuri ng teksto at pag-unawa ay umikot sa tekstong pang-impormasyon at hindi salaysay, kung saan nakasanayan ng ating mga estudyante ang Pilipinas. Dagdag pa niya, kulang sa mga babasahin ang ilang mga paaralan at kapos din sa internet at malakas na koneksyon.

Ang mga nabanggit na pag-aaral sa itaas ang nagbigay inspirasyon ng mananaliksik upang maisagawa ang aksiyong pananaliksik sa mga mag-aaral ng Biñan Integrated National High school. Isang pag-aaral na naglalayong makapagbuo sa mga malayang mambabasa na magkaroon nang maayos na kaugalian sa pagbasa at maipataas ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kolaboratibong pagbasa sa asignaturang Filipino para sa mga nasa pagkabigong mambabasa. Kasabay nito, nais din ng mananaliksik na matuklasan ang mga suliranin na nararanasan sa kolaboratibong pagbasa. Ito ay maging batayan upang mabigyan ng kasagutan ang napakalaking hamon ng kasalukuyang panahon. Dagdag pa nito, ito rin ang maging saligan para sa interbensiyon para sa PHIL-IRI sa pagpapalawak ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa pagbasa sa asignaturang Filipino upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

## METHODOLOGY

Ang pananaliksik na ito ay tungkol sa pagsasagawa ng Project D.A.R.A (Drop And Read Aloud): Limang minutong pagbasa ng mga mag-aaral ng Biñan Integrated National High school. Ang mga kalahok sa pag aaral na ito ay ang mga piling mag-aaral na itinuturing na struggling o frustration level sa pagbasa (Filipino) ng ikasampung baiting ng Biñan Integrated National High school para sa taung panuruan 2022-2023. Sila ang mga mag aaral na nangangailangan ng tulong upang mapalipat sa instructional hanggang sa malayang lebel ng pagbasa. Ang pag-aaral ay nasa utilized purposive sampling dahil ang mga kalahok ay pinili sa non random na paraan at tinukoy ng mananaliksik base sa kanilang kakayahan sa pagbasa. Natutukoy ang mga respondente sa pagtatasa ng mga guro batay sa kanilang mga tugon ng GST ng PHIL IRI na itinuturing sa bilang antas ng pagkabigo. Ang mga kalahok ay mapapailalim sa Project D.A.R.A. sa oras na isagawa ang pananaliksik upang iangat ang kanilang lebel ng pagganap ayon sa layunin ng proyektong ito.

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng deskriptibong korelasyonal na pamamaraan ng pananaliksik. Kabilang dito ang paglalarawan; rekording, pagsusuri at interpretasyon ng mga kondisyon na kasalukuyang umiiral. Ang pangunahing layunin ay upang ilarawan ang kalikasan ng isang kondisyon tulad ng umiiral sa panahon ng ang pag-aaral at galugarin ang sanhi ng partikular na sitwasyon. Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng tatsulok na pamamaraan bilang isang pagtitipon ng datos pamamaraan sa pamamagitan ng survey questionnaire, obserbasyon, interbyu at mga talang panlabas.

## RESULTS

Ang mga datos ay inayos, pinag-uri at sinuri gamit ang mga angkop na instrumentong pang-istatistika at mga proseso. Mula sa datos ng PHIL-IRI, pinili ang mga mag-aaral na magsasagawa ng pag-aaral na ito.

Ipinakita sa talahanayan 1 ang kabisaan ng Project D.A.R.A. mula sa isinagawang pre-test. Ipinalalabas nito na ang mga mag-aaral ay nasa berbal na interpretasyong ”Pampagkatuto” mula sa isinagawang pre-test.

Ipinakita sa talahanayan 2 ang kabisaan ng Project D.A.R.A. mula sa isinagawang post-test. Ipinalalabas nito na ang mga mag-aaral ay nasa berbal na interpretasyong ”Malaya” mula sa isinagawang post-test.

Ipinapakita sa Talahanayan 3 na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral mula sa pagsasagawa ng Project D.A.R.A. sa pre-test at post-test nito. Masasabing may 10.820 na

weighted mean at 3.108 na standard deviation ang pre-test at 17.040 na weighted mean at 2.185 na standard deviation naman para sa post-test na nagresulta sa P-value na <0.000, Significant.

Pinatutunayan din ito mula sa isang pag-aaral ni Delamente (2019) na ginawa sa Pilipinas ay nagsuri sa epekto ng Drop Everything and Read (DEAR) bilang isang interbensyon upang mapataas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-limang baitang. Ang resulta ay nagpakita na mayroong makabuluhang pagbabago sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na nakaranas ng DEAR kumpara sa mga hindi.

Masasabing sa uri ng mali, makikita na pinakamataas na bilang ang nagsasabing ”Maling Pagbigkas o Mispronunciation” ang dahilan ng pagkabigo ng mga mag-aaral habang ang pinakamababa naman ay ”Paglilipat o Reversal”.

Batay naman sa Talasalitaan, masasabing may malaking puntos ang nakakaramdam na paulit-ulit na ginagamit ang mga parehong salita. Ang kakulangan sa bokabulayo ay isa ring dahilan upang mapadpad sa lebel na pagkabigo ang mga mag-aaral. Ayon kay Judith Wright, isang literacy specialist sa Ontario Early Years Centres, sa artikulo, ang repetition o pag-uulit ay nakakatulong sa mga bata na matandaan at maunawaan ang mga bagong salita na kanilang naririnig o binabasa. Batay sa artikulo, nagbabahagi ng isang eksperimento kung saan ang ilang mga bata ay binasahan ng tatlong magkakaparehong kuwento na paulit-ulit na gumagamit ng mga bagong salita. Habang ang kalahati naman ay binasahan ng tatlong magkakaibang kuwento ngunit paulit-ulit paring ginagamit ang mga bagong salita sa pagkukuwento.

At matapos ang eksperimento, natuklasang mas natutunan ang mga bagong salita ng mga batang nakarinig nito ng paulit-ulit sa tatlong magkakaparehong kuwento. Mula sa artikulo na ito, sinasabing kailangang may matutunang bagong salita upang gamitin ito ng paulit-ulit upang magkaroon ng bagong kaalamang pangbokabularyo.

Batay naman sa tatas ng pagbasa, msasabing may kaalaman ang mga mag-aaral sa pagbasa ngunit nagiging sagabal ang mabagal na pagbasa ng mga akda.

Mula naman sa pag-unawa sa binasa, masasabi na may kaalaman ang mga mag-aaral sa pagbabasa ngunit may mataas na bilang ang nagsasabi na hindi nila kayang magbuod ng isang talata mula sa isang libro na kanilang binasa o nabasa.

At sa huli, masasabing may ilang mga mag-aaral ang nasa inklusibong pag-aaral kung kaya’t hindi lahat ay may kakayanang makabasa dahil sa kanilang kapansanan.

**DISCUSSION**

Ang paggamit ng Project D.A.R.A. ay makatutulong upang mapalawak ang kanilang bokabularyo. Kapag nakikinig ang mga mag-aaral sa mga teksto na binabasa nang malakas at may pagpapahayag, natututo silang makilala at maunawaan ang mga bagong salita sa konteksto. Nakakatulong din ito sa kanilang komunikasyon at pagsasalita. Baker (2020). Mapapabuti rin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa. Kapag nakikinig ang mga mag-aaral sa mga teksto na binabasa nang malakas at may pagpapahayag, mas nakukuha nila ang mga detalye, kahulugan, at mensahe ng mga teksto. Nakakatulong din ito sa kanilang kritikal na pag-iisip at pag-aanalisa.

Napapataas din ang kanilang fluency o pagiging matatas sa pagbasa. Kapag nakikinig ang mga mag-aaral sa mga teksto na binabasa nang malakas at may pagpapahayag, natututo silang gumamit ng tamang pagbigkas, tono, at intonasyon. Nakakatulong din ito sa kanilang pagbabasa at pagsulat. At sa huli, mapapahalagahan ang mga teksto. Kapag nakikinig ang mga mag-aaral sa mga teksto na binabasa nang malakas at may pagpapahayag, mas nadarama nila ang mga emosyon, ideya, at aral na hatid ng mga teksto. Nakakatulong din ito sa kanilang pagmamahal sa pagbabasa at pagkatuto. Bautista (2014).

**ACKNOWLEDGEMENTS**

Bago ang lahat, nais kong iparating ang taos-pusong pasasalamat sa Panginoon. Kung hindi dahil sa kadakilaan Niya ay hindi matatapos ang pananaliksik na ito.

Ang pagkumpleto ng aksyon-pananaliksik na ito ay naging posible dahil sa hindi matatawarang suporta ng mga sumusunod na mga tao na handang mag-alay ng kanilang suporta.

Ang kanilang kaalaman at kahusayan ay nagsilbing inspirasyon sa amin upang matapos ang pag-aaral na ito.

Para kay Oliver P. Caliwag, punongguro III BINHS sa kaniyang walang sawang suporta upang makumpleto ang aksyon-pananaliksik na ito.

Para kay Arlene D. Candelaria, tagapayo sa Estatistika, dahil sa kaniyang kabuitihan at sa kaniyang kontribusyon sa mga tuntunin ng istatistikal na aspeto.

Para kay Ana Maria C. De Guzman, ang aming tagapayo, sa kaniyang gabay, kahusayang propesyunal, pakikiisa at pagbibigay ng payo upang matapos ang pananaliksik na ito.

Para kay Violeta P. Fernandez, sa panahon at pagsisikap para maitama ang mga gramatikang pagkakamali upang maging posible ang pananaliksik na ito.

Para kay Annalyn Decena, bilang kaagapay sa pagbuo nito na kung saan ay isa sa naitalakay na leksyon na nakapagbigay ng daan upang matapos ang pananaliksik na ito.

Sa lahat ng guro sa ikasampung baitang ng Biñan Integrated National High school para sa kanilang suporta at pagtulong sa aksyon-pananaliksik.

Sa lahat ng respondente sa baitang sampu sa Biñan Integrated National High school para sa kanilang suporta at pagtulong sa pre-test at post-test ng pananaliksik na ito at upang maging matagumpay ito.

Para sa mga hindi namin nabanggit, maraming salamat sa inyong lahat.

**REFERENCES**

*Akbari, Z. (2014). The Role of Grammar in Second Language Reading Comprehension: Iranian ESP Context. Procedia-Social and Behavioral Sciences, 98(1), 122-126. http://dx.doi.org/10.1016/j.sbspro.2014.03.39*

*Perez, R. (2019). Greening the curriculum for sustainable development. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED600473.pdf*

*Ron F. (2003). Ang Pagbasa Ngayon. Blogspot. https://pagbabasako.blogspot.com/2019/02/ang-pagbabasa-ngayon.html*

*Shoebottom, P. (1996). Second language acquisition: Essential information. http://esl.fis.edu/teachers/support/cummin.htm*

*Syjuco, A. (2006). The Philippine Technical Vocational Education and Training (TVET) System. https://www.tesda.gov.ph/uploads/file/Phil TVET system -syjuco.pdf*



**Address**: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.**: (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address**: deped.binancity@deped.gov.ph
**Website**: depedbinan.com